

Ano Ang Kailangan Mong Malaman Tungkol sa Mapanglinlang na Anunsiyo



Mga mandaraya at mapanglinlang na anunsiyo

Ang mga mamimili sa buong bansa ay madalas na nabibiktima ng mga mapanglinlang na mga advertiser na ginagamit ang “Social Security” o “Medicare” upang akitin ang publiko.

Kadalasan, ang mga kompanyang ito na nag-aalok ng serbisyo ng Social Security ay may bayad, kahit na ang katulad na serbisyo ay makukuha ng deretso mula mismo sa Social Security ng walang-bayad. Kabilang sa mga serbisyong ito ang pagkuha ng:

- Naiwastong Social Security card na nagpapatunay na nag-asawa ang isang babae at nais niyang palitan ang kanyang apelyido;
- Social Security card na kapalit ng nawalang card;
- *Ulat ng Social Security*; at
- Numero ng Social Security para sa bata.

Ang mga pahiwatig ng ilang namamahaling pamilihan na ang Social Security ay naghahirap na sa pananalapi at may panganib na mawala sa mga tao ang kanilang mga tinatanggap na benepisyong sa Social Security o Medicare kaya kailangang magpadala ng kontribusyon o bayad para sumapi sa nagpa-anunsiyo. Ang ibang kompanya ay nagbibigay ng maling pagpapatibay o impresyon na sila ay kaanib ng Social Security sa pamamagitan ng pag-aalok ng isang “Social Security Update” o kaugnay na update ng benepisyong. Karaniwan, sa mga kompanyang ito na manghingi ng impormasyon sa mga mamimili at pagkatapos ay ipagbibili ang mga pribadong impormasyong ito ng mamimili sa iba. Ang mga ganitong gawain ng pamilihan ay maliwanag na panlililang at pandaraya sa publikong Amerikano.

Ano ang dapat gawin para labanan ang mapanglinlang na anunsiyo?

Ang batas na may panukala sa mga mapanglinlang na anunsiyo ng Social Security at Medicare ay nagbabawal sa mga tao o hindi pampamahalaang kalakalan na huwag gamitin and mga salita o mga sagisag na nakapagpapalilang sa iba. Ang kanilang anunsiyo ay hindi dapat magbulid ng mga tao na maniwala na sila ay kinatawan o sa anumang paraan ay kaanib sa o ipinagtibay ng o pinahintulutan ng Social Security o ng Center para sa Medicare at serbisyo ng Medicaid (Medicare).

Sa kaso ng maaaring mapanglinlang na mga anunsiyo ng Social Security, ang tanggapan ng Inspector General ng Social Security ay sinisiyasat ang anunsiyong ito. Kapag sila ay napagtanungan ng tungkol sa kanilang mga anunsiyo, maraming mga tao at kompanya ang kusang sumasang-

ayon na ihinto ang paggamit sa mga ito o palitan ang anunsiyo para sa pagsunod sa batas. Ganoon pa man, kung walang pagka-karoon ng kusang loob na kasunduan, ang tanggapan ng Inspector General ay pagmumultahin ang lamalabag na tao o kompanya ng hanggang sa \$5,000 para sa bawat anunsiyong pinadadala sa koreo. Ang mga mapanglinlang na anunsiyo tungkol sa Medicare ay kailangang ipadala sa tanggapan ng Inspector General para sa Departamento ng Health and Human Services upang masiyasatan ito.

Ano ang dapat gawin kapag nakatanggap ka ng mapanglinlang na impormasyon tungkol sa Social Security

Kumpletong ipadala ang lahat ng matatanggap, kasama pati na ang sobre, sa:

Office of the Inspector General
Fraud Hotline
Social Security Administration
P.O. Box 17768
Baltimore, MD 21235

Ipagbigay alam rin ito sa attorney general o tanggapan ng consumer affairs ng iyong estado at Better Business Bureau ng iyong lugar.

Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa www.socialsecurity.gov o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

